# *Salmong Tugunan*

Salmo 18, 8.10. 12-13. 14 (Tugon: 9a)
Ika-26 na Linggo sa Karaniwang Panahon - TAON B

*musika ni: Fr. Allan Antonio*







1. Ang batas ng Panginoon ay batas na wa - lang ku - lang, Ito'y utos na ang dulot sa tao ay ba - gong bu - hay;
2. Yaong paggalang sa Poon ay marapat at ma - bu - ti, Isang banal na tungkulin na iiral na pa - ra - ti;
3. Ang utos mo, Panginoon, sa alipin mo at ling - kod; Ay mayroong gantimpala kapag aking si - nu - su - nod;
4. Ang lingkod mo ay iligtas sa hayag ng ka - sa - la - nan, at h'wag mo pong itutulot na ako ay pag- ha - ri - an;




1. Yaong Kanyang mga batas ay mapagtiti - wa - la - an, Nagbibigay ng talino sa pahat ang ka - i - si - pan. **(tugon)**
2. Pati mga hatol Niya'y matuwid na ka - ha - tu - lan, Kapag Siya ang humatol, ang pasya ay pan - tay - pan - tay. **(tugon)**
3. Walang taong pumupuna sa gawa N'yang hin - di ang - kop, Kaya ako ay iligtas sa lihim na ga - wang buk - tot. **(tugon)**
4. Mamumuhay akong ganap na wala nang ka - pin - ta - san, Ako'y lubos na lalaya sa kuko ng ka - sa - la - nan. **(tugon)**


# Salmong Tugunan

Salmo 127, 1-2, 3. 4-5. 6 (Tugon:5)
Ika-27 Linggo sa Karaniwang Panahon - TAON B

*musika ni: Fr. Allan Antonio*




***Tugon:*** Ta - yo na - wa ay bas - ba - san________ ng Po - on mag - pa - kai - lan - man.




1. Mapalad ang bawat tao na sa Diyos ay <u>*may ta - kot.*</u> Ang maalab na adhika'y sumunod sa Kan - <u>*yang u - tos.*</u>
2. ----------------------------skip---------------------------- ----------------------------skip----------------------------
3. Ang sinuman kung ang Diyos buong pusong -<u>*su -sun -din.*</u> Buhay niya ay uunlad at laging pag - <u>*pa - la - in.*</u>
4. ----------------------------skip---------------------------- ----------------------------skip----------------------------





1. Hindi siya magkukulang sa anumang ka - <u>*i - la - ngan.*</u> Ang buhay ay maligaya't uunlad ang kan - <u>*yang bu - hay.*</u>**(tugon)**
2. Sa tahanan, ang asawa'y parang ubas na <u>*ma -bu -nga.*</u> Bagong tanim na olibo sa may dulang ang <u>*a - nak n'ya.*</u>**(tugon)**
3. Mula sa Sion, pagpapala nawa ng Diyos ay <u>*tang - ga - pin.*</u> At makita habang buhay, pag-unlad ng Je - <u>*ru - sa - lem.*</u>**(tugon)**
4. Ang magiging iyongapo, nawa ikaw ay <u>*a - bu - tin.*</u> Nawa'y maging mapayapa itong bayan ng <u>*Is - ra - el.*</u> **(tugon)**

# *Salmong Tugunan*

Salmo 89, 12-13. 14-15. 16-17 (Tugon:14)
Ika-28 Linggo sa Karaniwang Panahon - TAON B

*musika ni: Fr. Allan Antonio*







1. Yamang itong buhay nami'y maikli lang na *pa-na-hon,* Itanim sa isip namin upang kami ay *du-mu-nong*
2. Kung umaga'y ipadama yaong wagas Mong *pag-i-big,* At sa buong buhay nami'y may galak ang a-*ming a-wit*
3. Panginoon naming Diyos, kami'y sana'y pag-*pa-la-in,* Magtagumpay sana kami sa anumang a-*ming ga-win*




1. Hanggang kailan pa ba, Poon, titiisin ya-*ring la-gay,* Nitong iyong mga lingkod, sa gitna ng ka-*hi-ra-pan?***(tugon)**
2. Yaong naging hirap nami'y tumbasan mo ng *gin-ha-wa,* Singhaba rin ng panahon ang ipalit na *li-ga-ya*.**(tugon)**
3. Ipakita sa lingkod mo ang dakila mong *ga - wa -in.* Sa kasunod naming lahi ay gayon mo rin *i-tu-ring*.**(tugon)**

# Salmong Tugunan

Salmo 32, 4-5. 18-19. 20 at 22 (Tugon 22)
Ika-29 na Linggo sa Karaniwang Panahon

*musika ni: Fr. Allan Antonio*




***Tugon:*** Po - on, pag - a - sa ka na - min_____ pag - i - big mo'y a-ming hi - ling.




1. Panginoo'y tapat sa kanyang *sa - li - ta,* At maaasahan ang kanyang *gi - na - wa.*
2. Ang may takot sa Diyos, at nagti - *ti - wa - la* Sa kanyang pag-ibig, ay kina-*ka - li - nga.*
3. Ang ating pag-asa'y nasa Pa - *ngi - no - on,* Siya ang sanggalang natin at *ka - tu - long*




1. Minamahal niya ang gawang *ma - ta - pat,* Ang pag-ibig niya sa mundo'y *la - ga - nap.* **(tugon)**
2. Hindi babayaang sila ay *ma - ma - tay,* Kahit magtaggutom sila'y bi-*nu-bu-hay.* **(tugon)**
3. Ipagkaloob mo na aming *ma - ka - mit,* O Poon, ang iyong wagas na pag-ibig //
Yamang ang pag-asa'y sa 'yo *na-sa-sa-lig!* **(tugon)**

**Tugon:**

# *Salmong Tugunan*

Salmo 125, 1-2ab. 2kd-3. 4-5. 6 (Tugon: 3)
Ika-30 Linggo sa Karaniwang Panahon

*musika ni: Fr. Allan Antonio*




***Tugon:*** Ga - wa ng D'yos ay da - ki - la____ ka - ya ta - yo'y na - tu - tu - wa.




1. ----------------------------skip---------------------------------- ------------------------------------skip-----------------------------
2. Ang sabi ng mga bansang nagmamasid sa <u>*pa - li - gid,*</u> "Ang ginawa ng Diyos nila ay dakila, a - <u>*nong ri - kit!*</u>"
3. Kung paanong inuulan yaong mga tu -<u>*yong ba - tis,*</u> Sa sariling bayan namin, kami, Poon ay <u>*i - ba - lik.*</u>
4. ----------------------------skip---------------------------------- ------------------------------------skip-----------------------------




1.Nang lingapin tayo ng Diyos at sa Sion ay ibalik //
Ang nangyaring kasaysaya'y parang isang pa - <u>*na - gi - nip*</u> Lahat tayo ay natuwa, masasayang nag-<u>*si-a-wit*</u>**(tugon)**
2. Dakila ngang masasabi, pambihira ang <u>*gi - na - wa,*</u> Kaya naman kami ngayon, kagalaka'y di <u>*ka-wa-sa*</u>**(tugon)**
3. Silang mga nagbubukid na nagtanim ng <u>*may lu -ha,*</u> Bayaan mo na mag-aning masasaya't na-<u>*tu-tu-wa.*</u>**(tugon)**
4. Yaong mga nagsihayong dala'y binhi't na-<u>*na-na-ngis,*</u> Ay aawit na may galak, dala'y ani <u>*pag -ba -lik!*</u>**(tugon)**

**Tugon:**